

전자소송 안내

Gabay sa Elektronikong Pagsasampa ng Kaso

1. 전자소송의 장점

1. Mga Benepisyo ng Elektronikong Pagsasampa ng Kaso

- 전자소송시스템을 통하여 가정과 사무실 등에서 인터넷을 이용하여, ① 문서를 전자적으로 제출할 수 있고, ② 상대방 제출 서면이나 법원 작성 재판 관계 서류를 전자우편 등으로 송달받을 수 있으며, ③ 사건기록을 전자적으로 열람하고 출력할 수 있습니다.
- Ang Sistema ng Elektronikong Pagsasampa ng Kaso ay tumutulong na magamit mo ang iyong Internet sa bahay upang ① elektronikong makapag-file ng mga dokumento, ② makatanggap ng mga serbisyong dokumento mula sa kabilang partido o iba pang mga dokumentong may kinalaman sa mga pamamaraan ng hukuman na inihanda nito sa pamamagitan ng e-mail, at iba pa at ③ elektronikong makita/mailimbag ang talaan ng isang kaso.
- 다만, 전자소송을 이용하더라도 법원이 정한 재판기일(변론준비기일, 변론기일, 조정기일 등)에 반드시 출석하여야 합니다.
- Mangyaring tandaan na kahit gamitin mo ang elektronikong pagsasampa ng kaso, kinakailangan pa rin ang iyong presensya sa hukuman sa itinakda nitong araw ng paglilitis (petsa ng paghahanda ng paglilitis, petsa ng paglilitis, petsa ng pakikipamagitan, atbp.)

2. 전자소송 이용방법

2. Paano Gamitin ang Sistema ng Elektronikong Pagsasampa ng Kaso sa Pagrerehistro at Pagpapatunay

가. 사용자등록과 인증 절차

A. Pagrerehistro at Pagpapatunay ng Gumagamit

- 전자소송 홈페이지 (<http://ecfs.scourt.go.kr>) 의 모든 서비스는 귀하의 선택에 따라 회원가입 후 이용할 수 있고, 회원가입을 위하여 반드시 사전에 금융기관 등을 통하여 발급받은 공인인증서 (행정청 또는 소송수행자의 경우 행정전자서명 인증서)가 필요합니다.
- Maaari mong piliing mag-sign up sa Homepage ng Sistema ng Elektronikong Pagsasampa ng Kaso (<http://ecfs.scourt.go.kr>) upang magkaroon ng daan para makuha ang lahat ng mga serbisyong nagmumula rito. Kailangan mo ng public key authentication na nagmula sa isang institusyong pinansiyal at iba pa (o pagpapatunay gamit ang elektronikong pang-administratibong lagda, sa kaso ng ahensyang administratibo o tagapagsagawa ng litigasyon).
- 공인인증서로 로그인 (log-in) 을 한 후 ‘나의 전자소송’→ ‘전자소송사건등록’을 선택하거나, 홈페이지에서 ‘전자소송사건등록’을 선택합니다.
- Mag-log in sa homepage gamit ang awtorisadong sertipiko, at magpunta sa ‘나의 전자소송 (Ang Aking Kaso ng Elektronikong Litigasyon)’ → ‘전자소송사건등록 (Irehistro ang kaso ng Elektronikong Litigasyon)’ o piliin ang ‘전자소송사건등록 (Irehistro ang kaso ng Elektronikong Litigasyon)’ sa homepage.
- ‘전자소송 진행동의’를 선택하고, ‘전자소송 인증번호가 있는 경우’를 선택한 후 아래의 법원, 사건번호, 전자소송인증번호, 소송관계인 유형 (당사자, 참가인, 대리인, 감정인, 전문심리위원, 조정위원 등) 을 입력하고 등록 버튼을 누릅니다.
- Piliin ang ‘전자소송 진행동의 (Sumasang-ayon ako sa elektronikong pagsasampa ng kaso)’, at pagkatapos ‘전자소송 인증번호가 있는 경우 (Mayroon akong numero ng sertipiko sa elektronikong pagsasampa ng kaso)’. Ilagay ang pangalan ng hukuman, bilang ng kaso, numero ng sertipiko sa elektronikong litigasyon, at mga uri ng taong kasangkot (partido, interbentor, kinatawan, tagapagtaya, ekspertong komisyoner, tagapamagitan) at pindutin ang buton ng ‘Rehistro’.
- 소송계속 중 당사자로부터 소송위임을 받았으나 전자소송인증번호를 받지 못한 대리인이 전자소송을 이용하고자 할 경우 ‘전자소송사건등록’화면에서 ‘전자소송인증번호가 없는 경우’를 선택하여 법원, 사건번호, 소송관계인 유형을 입력하고 등록 버튼을 누른 다음, ‘대리인 기본정보입력’화면에서 대리인의 정보를 입력하고 등록 버튼을 누르면 전자소송사건으로 등록됩니다 (대리인 기본정보 입력 시 변호사, 법무법인, 소송수행자가 아닌 경우에는 당사자 본인에게 부여된 전자소송인증번호 입력하시기 바랍니다).
- Kung may itinalagang kaso sa iyo mula sa isang partido habang ito ay nakabinbin pa subalit hindi ka nakatanggap ng numero ng pagpapatunay sa elektronikong pagsasampa ng kaso, maaari mong gamitin ang sistema ng elektronikong pagsasampa ng kaso sa pamamagitan ng pagpili sa ‘전자소송인증번호가 없는 경우 (Wala akong numero ng pagpapatunay ng elektronikong pagsasampa ng kaso)’ sa ‘전자소송사건등록 (Rehistro ng Kaso sa Elektronikong Litigasyon)’, ilagay ang pangalan ng hukuman, bilang ng kaso at uri ng taong sangkot, at pindutin ang buton ng ‘Rehistro’ upang i-rehistro ang kaso bilang kaso ng elektronikong litigasyon (Kapag naglalagay ng mga batayang impormasyon ng kinatawan, kung hindi ka

abogado, kompanyang pambatas o tagapagsagawa ng litigasyon, kinakailangan mong ilagay ang numero ng pagpapatunay sa elektronikong pagsasampa ng kasong ibinigay sa iyo).

- | | |
|--|--------------------------|
| ◦ 법원 : | ◦ 사건번호: |
| ◦ Hukuman | ◦ Bilang ng Kaso: |
| ◦ 전자소송인증번호 : | ◦ 사용자명: |
| ◦ Numero ng Pagpapatunay
ng Elektronikong
Pagsasampa ng Kaso | ◦ Pangalan ng Gumagamit: |

※ 본인의 주민등록번호를 알고 있는 제3자가 전자소송인증번호까지 알게 될 경우 이를 이용하여 본인의 위임 없이 소송을 진행할 수 있으므로, 전자소송인증번호가 유출되지 않도록 유의하시기 바랍니다.

※ Kung may ikatlong partidong nakaaalam ng iyong numero ng rehistrasyon bilang residente ang nakakuha rin ng iyong numero ng pagpapatunay ng elektronikong pagsasampa ng kaso, maaari niyang magamit ang mga numerong ito upang ipagpatuloy ang mga hakbang kahit hindi mo itinalaga. Mangyari lamang na pag-ingatan nang husto ang iyong numero ng pagpapatunay ng elektronikong pagsasampa ng kaso.

나. 이용 가능한 서비스

B. Mga Magagamit na Serbisyo

- 사건번호와 전자소송인증번호가 확인되면 전자소송사건으로 등록되고, 문서제출, 송달문서 확인, 소송비용 납부, 기록열람 등 서비스를 전자적으로 이용할 수 있습니다.
- Kapag nailagay mo na ang bilang ng kaso at napakumpirma ang iyong numero ng pagpapatunay ng elektronikong pagsasampa ng kaso, nairerehistro ang kaso bilang kaso sa elektronikong litigasyon, kung saan maaari kang elektronikong mag-file ng mga dokumento, magtsek ng mga naihaing dokumento, magbayad ng mga kabayaran sa litigasyon at tingnan ng mga talaan ng kaso.

3. 서비스 이용시간

3. Oras ng Serbisyo

- 문서제출, 송달문서 확인, 기록열람 등 서비스를 24시간 내내 이용할 수 있습니다. 다만, 소송비용 납부 서비스는 금융기관의 서비스 제공 시간을 기준으로 이용할 수 있습니다.
- Maaari kang mag-file ng mga dokumento, mag-tsek ng mga naihaing dokumento at tumingin ng mga talaan ng kaso sa loob ng 24 oras bawat araw. Gayunpaman, ang oras ng pagbabayad ng singil sa litigasyon ay limitado sa oras ng serbisyo ng nauukol na institusyong pinansiyal.
- 법원은 정기적 또는 비정기적으로 전자소송시스템을 점검할 수 있고, 그 시간 동안에는 서비스를 제공하지 않을 수 있습니다.
- Maaaring magsagawa ang hukuman ng regular o pangkagipitang pagrepaso sa sistema ng elektronikong pagsasampa ng kaso, at sa panahong ito, ang lahat o ilan sa mga serbisyong nasa itaas ay maaaring hindi magamit.

4. 그 밖의 사항

4. Iba pa

- 상세한 사항은 전자소송 홈페이지 (<http://ecfs.scourt.go.kr>, → ‘전자소송 안내’) 를 참조하시기 바랍니다.
- Para sa karagdagang impormasyon, mangyari lamang na bumisita sa Homepage ng Sistema ng Elektronikong Pagsasampa ng Kaso (<http://ecfs.scourt.go.kr>, → pumunta sa ‘전자소송 안내 (Gabay sa Sistema ng Elektronikong Pagsasampa ng Kaso)’).
- 홈페이지 이용 · 장애 문의는 사법사용자지원센터 [평일 09:00~18:00, 02)3480-1715]로 하시기 바랍니다.
- Kung mayroong kang anumang isyu o katanungan tungkol sa homepage, mangyari lamang na kontakin ang Sentro ng Suporta sa Gumagamit ng Serbisyong Panghukuman [Lunes hanggang Biyernes: 09:00~18:00, 02) 3480-1715].